

ANO ANG DAPAT MONG GAWIN SA IYONG MATATALIM NA BAGAY?

Para sa higit pang impormasyon
tungkol sa programang
MED-Project, pumunta sa
med-project.org otumawag sa
1-844-MED-PROJECT
1-844-633-7765 (TTY: 711)



ITAPON NANG LIGTAS ANG MGA HINDI NA GINAGAMIT NA MATATALIM NA BAGAY




SURIIN ANG
PACKAGE



MGA
LOKASYON NA
MADALING
PUNTAHAN



MAIL
BACK



MGA
TAKE-BACK
EVENT

PAGTATAPON NG MATATALIM NA BAGAY



TINATANGGAP:

Matatalim na bagay (gaya ng mga hypodermic needle, pen needle, pre-loaded sharp, auto-injector, intravenous needle, lancet, at iba pang aparatong ginagamit sa balat na pangkuha ng dugo o paglapat ng gamot) na nakapaloob sa mga clear na sisidlan ng matatalim na bagay ng U.S. Food and Drug Administration.



HINDI TINATANGGAP:

Mga kontroladong substansya, mga hindi na ginagamit na gamot na hindi nakapaloob sa matatalim na bagay, at baklas na matatalim na bagay na walang lalagyan na hindi nakapaloob sa mga clear na sisidlan ng matatalim na bagay ng U.S. Food and Drug Administration.

Tumutulong ang mga gamot sa paglunas sa mga sakit, pamamahala ng mga pabalik-balik na kondisyon, at pagpapabuti ng kalusugan at kapakanan para sa milyun-milyong Amerikano. Importanteng inumin ng mga pasyente ang kanilang mga gamot ayon sa pagkakareseta ng kanilang tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan at ayon sa pagkakasaad sa etiketa o packaging. Mahalaga rin na tiyaking itago ang matatalim na bagay nang ligtas para maiwasan ang di-sadyang pagkakainom, pagkatusok o maling paggamit ng ibang tao, lalo na ang mga bata. May ilang paraan para itapon ang mga hindi na ginagamit na matatalim na bagay.

MED-Project®
Medication Education & Disposal
www.med-project.org

PAGTATAPON NG MATATALIM NA BAGAY SA SAMBAHAYAN

1 SURIIN ANG PACKAGE

Kung mayroong mga partikular na tagubilin na nasa etiketa, package, o package insert, sundin ang mga tagubilang iyon.



Huwag kailanman maglagay ng matatalim na bagay sa basurahan o sa recycling, at huwag kailanman i-flush ang mga ito sa inidoro. Ang pagtatapon ng matatalim na bagay sa basurahan o recycling ay maaaring magsapanganib sa mga nagbabasura at sewage worker, janitor, kasambahay, miyembro ng sambahayan, at bata na masaktan.

2 MGA LOKASYON NA MADALING PUNTAHAN

Para makahanap ng mga kiosk site sa inyong lugar, bisitahin ang seksiyong Mga Lokasyon na Madaling Puntahan ng www.med-project.org. Maaaring mayroon ding mga Lokasyon ng Mail-Back Distribution sa inyong lugar.



3 MAIL-BACK

May mga Serbisyon Mail-Back sa inyong lugar. Para mag-order ng Mail-Back na package, bisitahin ang seksiyong Mail-Back ng www.med-project.org.



4 MGA TAKE-BACK EVENT

Nag-aalok sa mga residente ang mga lokal na take-back event ng libre at maginhawang paraan ng pagtatapon ng matatalim na bagay. Para sa impormasyon tungkol sa mga event sa inyong lugar, bisitahin ang Mga Take-Back Event na seksyon ng www.med-project.org.



PAGTATAPON NG MATATALIM NA BAGAY SA SAMBAHAYAN

Ang matatalim na bagay ay maaring mapanganib sa mga tao at alagang hayop kapag hindi naitapon nang ligtas. Ang matatalim na bagay ay maaaring magdulot ng pinsala at/o pagkalat ng mga impeksyon na nagiging sanhi ng malubhang kundisyon ng kalusugan. Maaaring kasama sa mga impeksyon na ito ang: **Hepatitis B (HBV)**, **Hepatitis C (HCV)**, at **Human Immunodeficiency Virus (HIV)**.

Mahalaga ang ligtas na pagtatapon ng mga matatalim na bagay nasa bahay ka man, nasa trabaho, nasa paaralan, habang nagbibiyaha, o nasa iba pang pampublikong lugar tulad ng mga hotel, parke, at restoran. Ang mga may-ari ng alagang hayop na gumagamit ng karayom upang magbigay ng gamot sa kanilang mga alagang hayop ay dapat sundin ang parehong mga patnubay para sa pagtatapon ng matatalim na bagay na ginagamit para sa mga tao.

MGA SISIDLAN PARA SA PAGTATAPON NG MATATALIM NA BAGAY

Dapat na gawa sa matibay na plastik ang lahat ng sisidlan ng matatalim na bagay para sa pagtapon; maisasara nang mahigpit, puncture-resistant na takip na hindi makakalabas ang matatalim na bagay; patayo at matatag habang ginagamit; hindi tumatagas; at wastong may label na "matatalim na bagay na basura" o may biohazard symbol at may salitang "BIOHAZARD" para magbigay babala na naglalaman ang sisidlan ng mga mapanganib na bagay.



Kaagad na ilagay ang lahat ng matatalim na bagay sa sisidlan na para sa pagtatapon ng matatalim na bagay pagkatapos itong gamitin. Mababawasan nito ang panganib na matusok ng karayom, mahiwa, at masugat mula sa matatalim na bagay. Hindi dapat maabot ng mga bata at alagang hayop ang mga sisidlan para sa pagtatapon ng matatalim na bagay.

HUWAG GAMITING MULI ANG MGA SISIDLAN PARA SA PAGTATAPON NG MATATALIM NA BAGAY

Ang materyal na ito ay ibinigay bilang pagsunod sa batas at hindi sumasalamain sa mga pananaw ng MED-Project o ng mga kompanyang kasali sa Plano ng Pangangasiwa ng Produkto ng MED-Project.